

Sa mga taong may kagipitan sa pinansiyal na pang-kabuhayan dahil sa pansamantalang pagsasara ng kumpanyang pinagtatrabahuan o kawalan ng trabaho na sanhi ng impeksyon sa bagong uri na “Coronavirus”

Gabay na Impormasyon ukol sa “*Temporary Loan Emergency Funds*” o “Isang Beses na Pagpapautang ng Salaping Pinansyal”

Dahil sa pansamantalang pagsasara ng kumpanyang pinagtatrabahuan o pagkawala ng trabaho na sanhi ng impeksyon sa bagong uri ng Coronavirus, isinasagawa ang “*special loan*” (*Tokurei Kashitsuke*) ng “*emergency small amount fund*” (*kinkyu koguchi shikin*), at iba pang transaksyon para sa mga taong may kagipitan sa pinansiyal na pang-kabuhayan.

① Para sa mga taong pansamantalang walang trabaho :

“*Emergency small amount fund - Kinkyu koguchi shikin*”

Magpapahiram ng kaunting halaga na panggastos, kapag nagkaroon ng emergency o pansamantalang kahirapan sa pagpapatuloy ng pang-araw-araw na pamumuhay.

■ **Mga Maaaring Humiram :** Lahat ng mga dayuhan na nakarehistrong residente (Maliban sa mga may “short-stay” na pagbisita).

Mga taong naapektuhan ng paglaganap ng impeksyon ng bagong uri ng Coronavirus, kaunti o nabawasan ang kinikita dahil sa pansamantalang pagsasara ng kumpanyang pinagtatrabahuan at pamilya na may pang-emergency o pansamantalang pangangailangan ng pera para sa pamumuhay.

■ **Bilang ng Pagpapautang, Limitasyon ng Halaga :**

1 beses lamang, Hindi lalagpas ng ¥ 100,000.

※Hindi lalagpas ng ¥ 200,000 kapag kailangang mag-alaga ng mga anak dahil sa pansamantalang pagsasara ng mga paaralan at kapag humahawak ng sariling negosyo o kumpanya, at iba pa.

■ **Durasyon ng Pagbabayad ng Utang :** Sa loob ng 2 taon

Sa loob ng 1 taon (Kahit hindi muna makabayad)

Mula sa pangalawang taon kailangan magbayad

■ **Interes • Guarantor (Taong maggagarantiya) :** Walang interes • Hindi kailangan

■ **Araw ng “*Money Transfer*” o Pagpapadala ng Pera :**

Mga 1 linggo pagkatapos ng pagproseso

【Mga Dapat Dalhin sa Oras ng Aplikasyon】

※Makipag-usap kung may dokumentong hindi madala.

- (1) Resident Certificate
- (2) I.D. na magbibigay-patunay ng sarili
- (3) *Bankbook* o *ATM (cash) card*
- (4) Dokumentong makakapagpatunay ng pagbaba ng suweldo dahil sa bagong uri ng “Coronavirus” (pay slip)
- (5) *Inkan* (sariling selyo)
- (6) Kopya ng Residence card o kopya ng Special resident certificate (Kung nagpalit ng tirahan, kopya ng magkabilaang pahina (harap at likod))

https://www.aichi-fukushi.or.jp/news/pdf/01_english_all.pdf (English)

② Para sa mga nawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng kumpanyang pinagtatrabahuan : “*General support funds (Living Expenses Support) – Sogo Shien Shikin (Seikatsu Shienhi)*”

Makakahiram hangga’t kinakailangan, hanggang sa makabalik sa normal na pamumuhay.

※Bilang alituntunin, kinakailangan ang patuloy na suporta mula sa tanggapan na nagbibigay ng independenteng konsultasyon at suporta.

■ Mga Maaring Humiram : Lahat ng mga dayuhan na nakarehistrong residente (Maliban sa mga may “short-stay” na pagbisita).

Mga taong naapektuhan ng paglaganap ng impeksyon ng bagong uri ng Coronavirus, kaunti o nabawasan ang kinikita, at pamilyang nahahirapan sa pagpapatuloy ng pang-araw-araw na pamumuhay dahil sa pagsasara ng kumpanyang pinagtatrabahuan o pagkawala ng trabaho.

■ Limitasyon ng Halagang Ipapautang :

- (Higit sa 2 katao) Hindi lalapas ng ¥ 200,000 bawa’t buwan.
- (Mag-isang namumuhay) Hindi lalapas ng ¥ 150,000 bawa’t buwan.

■ Durasyon ng Panghihiram : Bilang alituntunin, ay hindi lalapas sa 3 buwan.

■ Durasyon ng Pagbabayad ng Utang : Sa loob ng 10 taon

Sa loob ng 1 taon (Kahit hindi muna makabayad)

Mula sa pangalawang taon kailangan magbayad

■ **Interes • Guarantor (Taong maggagarantiya) :** Walang interes • Hindi kailangan

Konsulta : Social Welfare Council ng inyong tinitirahang ward
(Pangkaraniwang Araw, mula 9:00 hanggang 17:00)
※ Tumawag at kumonsulta po muna sa telepono.

Ward	Telepono
Chikusa	763-1531
Higashi	932-8204
Kita	915-7435
Nishi	532-9076
Nakamura	486-2131
Naka	331-9951
Showa	884-5511
Mizuho	841-4063
Atsuta	671-2875
Nakagawa	352-8257
Minato	651-0305
Minami	823-2035
Moriyama	758-2011
Midori	891-7638
Meito	726-8664
Tempaku	809-5550